REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-82

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA NATIONAL MAPPING & RESOURCE INFORMATION AUTHORITY (N.A.M.R.I.A.) HINGGIL SA GEOGRAPHIC INFORMATION SYSTEM (G.I.S.) APPLICATION TRANSFER OF TECHNOLOGY NA MAY KINALAMAN SA TAX MAPPING AND INFORMATION SYSTEM AT ANG PAGLALAAN NG HALAGANG WALONG DAANG LIBONG PISO (P800,000.00) PARA DITO.

**************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

**************************************************************

SAPAGKAT, ang N.A.M.R.I.A., ang sentrong ahensiyang tagamapa na may pananagutan sa sama-samang pagsusukat (integrated surveys), magmamapa, pagtsa-tsart (charting), oceanography, malayong panamdam (remote sensing), pangangasiwa ng impormasyong pagkukunan (management of resource information), pagsasaliksik at pagpapaunlad nito;

SAPAGKAT, ang N.A.M.R.I.A., alinsunod sa gawaing pangangasiwa ng impormasyon, ay nakapag-develop ng sistemang pang-impormasyon para sa pagpaplano at pangangasiwa ng munispyo na ginagamit ang teknolohiyang G.I.S.;

SAPAGKAT, ang N.A.M.R.I.A. ay may teknikal na kadalubhasaan at mga pasilidad upang i-develop ang G.I.S.-b ased na mga sistemang pang-impormasyon at magsagawa ng pagsasanay na may kinalaman dito;

SAPAGKAT, ang N.A.M.R.I.A. ay may karapatan na pumasok sa isang kasunduan sa mga ahensiya ng pamahalaan para sa pagpapaunlad ng mga G.I.S.-based na sistemang pang-impormasyon;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay lumikom ng mga computers upang makomputerisasyon (automate) ang ilan sa mga operasyon nito upang mapabuti ang mga kapabilidad nito sa administratibo at pamamahala;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay kinikilala ang kapabilidad ng G.I.S. sa planong paggamit ng lupa (land resources planning) at pamamahala at ang komputerisadong pagmamapa (automated mapping);

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay batid ang pangangailangan na madagdagan ang kasalukuyang computerized systems ng G.I.S.-based systems upang higit na mapabuti ang pagkakaloob nito ng mga gawaing pambayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na binibigyan ng kapangyarihan ang Punong-bayan Ignacio R. Bunye na pumasok sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa National Mapping & Resource Information Authority (N.A.M.R.I.A.) hinggil sa Geographic Information System (G.I.S.) Application Transfer of Technology na may kinalaman sa Tax Mapping and Information System at ang paglalaan ng halagang Walong Daang Libong Piso (P800,000.00) para dito.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-17 ng Agosto, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal 8/18/93

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan